



Ang ligtas, may-kalidad na pangangalaga ay iyong karapatan



Minamahal na mambabasa,

Ang mga taong matatanda ngayon ay mayroong mas malakas na mga karapatan at proteksyon, kasunod kamakailan lang ng mga pagbabago sa mga batas ng pangangalaga sa matatanda sa Australya.

Kabilang sa mga pagbabagong ito ang Pahayag ng Mga Karapatan (Statement of Rights) para sa mga taong matatanda na tumatanggap ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda. Kabilang dito ang karapatang gumawa ng iyong sariling mga desisyon, na dapat igalang at makadama ng kaligtasan.

May karapatan ka ring ipagbigay-alam ang iyong mga pangangailangan at kagustuhan, igalang ang iyong kultura at pagkikilanlan at panatilihin kang konektado sa iyong komunidad.

Kinikilala ng Statement of Rights na ang lahat ay isang indibidwal at ang iyong mga kagustuhan at pangangailangan ay walang katulad para sa iyo.

Ang iyong mga karapatan sa tunay na buhay

Maaasahan mong ikaw ay tatratuhiing may dignidad at paggalang. Ang ilang mga paraan na ang mga karapatan mo ay magmumukha sa tunay na buhay ay maaaring makabilang na ang tagapagbigay ng serbisyo mo ay:

- suportahan ka na makagawa ng may mga kamalayang desisyon tungkol sa iyong pangangalaga
- suportahan ka sa iyong mga kagustuhan para sa iyong pang-araw-araw na nakagawian
- maghanap, makinig at tumugon sa iyong puna at mga pag-aalala
- tiyaking nakaka-access ka sa mga bagay na iyong kailangan
- tiyaking iniinom mo lang ang mga gamot na iyong kailangan at inireseta sa iyo
- magbigay ng mga mapagpipilian sa pagkain at inuming gusto mo
- panatilihin kang nakakonekta sa mga taong mahalaga para sa iyo

Kung may isang bagay tungkol sa iyong pangangalaga sa matatanda na ikinababahala ka o sa tingin mo ay wala sa lugar, tama lang na magsalita ka. Ang pagpapahayag ng iyong mga pag-aalala o pagbibigay ng puna sa iyong tagapagbigay ng serbisyo ay makakatulong na paghusayin ang iyong karanasan sa pangangalaga ng matatanda at sa iba pang mga tao sa paligid mo.

Ano ang magagawa mo kung mayroon kang pag-aalala

Kung mayroon kang pag-aalala tungkol sa iyong pangangalaga sa matatanda, mangyaring kausapin ang iyong tagapagbigay ng serbisyo. Ito ang madalas na pinakamadali at pinakamabilis na paraan para maresolba ang mga bagay-bagay.

Ang iyong tagapagbigay ng serbisyo ay dapat na igalang ang iyong mga karapatan at may pinasusunod na proseso sa reklamo na madaling maintindihan at gamitin.

Kung hindi ka komportableng makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o hindi nakatulong ang pakikipag-usap sa tagapagbigay ng serbisyo, maaaring kami ang kausapin ninyo.

Ano ang magagawa namin para masuportahan ka

Kung mayroon kang pag-aalala, makakatulong kami sa pamamagitan ng:

- pakikinig sa iyo at pagpapaliwanag ng iyong mga karapatan
- aalamin kung ano ang gusto mong kakaibang dapat na gawin ng tagapagbigay ng serbisyo
- pagpapaliwanag ng aming ginagawa at kung paano kami pinakamabisang makakatulong sa iyo

Bilang pambansang tagapagpatupad ng mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda na pinondohan ng Pamahalaan, pinoprotektahan at sinusuportahan namin ang iyong mga karapatan upang makadama ka ng pagtitiwala sa sarili na ang iyong pangangalaga ay magiging ligtas, may-kalidad, tumutugon sa mga pangangailangan mo at nakakatulong sa iyong mamuhay sa pinakamahusay na paraan.

Ang independiyenteng Komisioner ng Mga Reklamo sa Pangangalaga ng Matatanda (Aged Care Complaints Commissioner) ay nagtatrabaho sa loob ng Commission upang matiyak na ang mga pag-aalala at reklamo ay pinapangasiwaan sa paraang kumpidensyal, napapanahon at makatarungan.

Mahalaga ang iyong pagkapribado

Ang mga paraan na masusuportahan ka namin ay dinisenyo na maging nai-aakma sa pangyayari at nakakatulong Kapag tumawag ka sa amin upang ibahagi ang isang pag-aalala, ikaw ang magpapasiya kung paano kami susulong at ang iyong pagkapribado ay napoprotektahan sa lahat ng oras.

Ikaw ay maaaring magreklamo at maging kasama sa proseso ng pagreresolba. Maaari mo ring hilingin na maging kumpidensyal ito o mapanatiling hindi ka nagpapakilala.

Maaari mo ring piliin na ang isang kapamilya o tagasuporta ang magsalang ng isang pag-aalala para sa iyo.

Nais naming ikaw at ang iyong pamilya at mga tagasuporta ay makadama ng pagtitiwala sa sarili sa pagpaparating ng mga problema at pag-aalala, at alam na ang mga ito ay patas at malinaw na isasaalang-alang, na walang anumang kinatakatang posibleng mga pagbweltang mangyayari.

Nakatuon kami na protektahan at bigyang-lakas ang iyong mga karapatan.



Liz Hefren-Webb
Aged Care Quality and Safety
Commissioner



Treasure Jennings
Aged Care Complaints
Commissioner

Karagdagang impormasyon

- Makipag-ugnay sa Older Persons Advocacy Network (OPAN). Kung kailangan mo ng impormasyon o suporta tungkol sa pinondohan ng gobyernong mga serbisyo ng pangangalaga sa matatanda, ang Aged Care Advocacy Line ay makakapagbigay ng libre, kumpidensyal at independiyenteng suporta. Maaari kang makipag-usap sa isang tagataguyod sa pamamagitan ng pagtawag sa **1800 700 600** o bisitahin ang **opan.org.au**.
- Tawagan ang Aged Care Quality and Safety Commission sa **1800 951 822** (libreng tawag) o ang **agedcarequality.gov.au** para magbigay ng puna tungkol sa iyong tagapagbigay ng serbisyo o para magreklamo.

Abril 2026



Telepono
1800 951 822



Web
agedcarequality.gov.au



Pagsulat
Aged Care Quality and Safety Commission
GPO Box 9819, sa iyong kabisera ng lungsod